Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-17 NG ABRIL, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............... | Kagawad |

## *KAPASIYAHAN BLG. 127-T-2002*

*KAPASIYAHANG IPINAPALIT SA PANGALANG SANTO ANGEL CENTRAL/ NORTE ELEMENTARY SCHOOL ANG SANTO ANGEL CENTRAL ELEMENTARY SCHOOL AT SANTO ANGEL NORTE ELEMENTARY SCHOOL.*

*SAPAGKA'T*, may pinagsamang kapasiyahang iniharap ang Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central at Santo Angel Norte sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 1-T'2001 [redacted] sa pagsasarili at paghihiwalay ng Paaralang Elementarya ng Santo Angel Norte sa Paaralang Elementarya ng Santo Angel Central;

*SAPAGKA'T*, ang nasabing kapasiyahan ay tinalakay sa sangguniang ito at napaliwat sa Lupon sa Edukasyon para sa pag-aaral.

*SAPAGKA'T*, nagkaroon ng pagsangguni ang naturang lupon sa mga kasapi ng Lokal na Lupong Pampaaralan (LSB);

*SAPAGKA'T*, matapos ang pagsangguni at mailiwat ng Lokal na Lupong Pampaaralan sa sangguniang ito ang kahilingang irekomenda ang pagpapalit ng pangalan ng nasabing paaralan ay nagpasiya ang Tagapamuno ng Lupon sa Edukasyon na pagtibayin ang pagpapalit ng pangalan ng nasabing paaralan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na palitan ang pangalang Santo Angel Central Elementary School at Santo Angel Norte Elementary School sa Santo Angel Central / Norte Elementary School.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Local School Board, Tagamasid Pampurok, Santo Angel Central Elementary Sch. at Santo Angel Norte Elementary Sch., lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALPONSO
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
*Gumanap na Tagapangulo*

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan